S. Grasmick
Superintendent of Schools

Martin O'Malley
Governor

Maryland State Department of Education
Division of Special Education/Early Intervention Services
200 W. Baltimore Street, Baltimore, MD 21201
www.marylandpublicschools.org

# KAGAWARAN NG EDUKASYON NG ESTADO NG MARYLAND PAMAMARAAN SA PAGLUTAS NG REKLAMO SA ESPESYAL NA EDUKASYON NG ESTADO

# BAHAGI B

## I. KAPANGYARIHAN

A. 34 CFR §300.151 *et seq.*

B. COMAR 13A.05.01.15A

## II. LAYUNIN

A. Ang Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland (*Maryland State Department of Education (MSDE)* ay pinapagtibay ang mga sumusunod na pamamaraan sa pagsisiyasat ng reklamo para sa pagsasaayos ng mga reklamong isinampa sa ilalim ng Batas sa Pagpapabuti ng Edukasyon sa mga Indibidwal na may mga Kapansanan *(Individuals with Disabilities Education Act (IDEA)* at kaugnay na batas at alituntunin ng pederal at Estado. Katungkulan ng MSDE na ayusin ang lahat ng reklamo na tumutugon sa mga pangangailangan ng 34 CFR §300.153 at ang mga ito ay naisampa sa MSDE ayon sa mga pamamaraang ito.

B. Katungkulan ng MSDE na alamin ang pagtatapos ng pagwawastong kilos na iginawad bunga ng pagsisiyasat sa reklamo, kasama na dito ang pagbibigay ng kinakailangang hakbang upang makatiyak sa pagsunod sa pagwawastong kilos, kasama na dito ang pagbibigay ng teknikal na tulong at ang pagkuha ng karagdagang kilos sa pagpapatupad, kung naaangkop.

## III. KAKAILANGANIN SA REKLAMO

Ang anumang organisasyon o indibidwal na tinutukoy dito na “nagrereklamo”, kasama na dito ang nasa labas ng Estado ng Maryland, ay maaaring magsampa ng reklamo sa MSDE. Ang MSDE and siya ring mag-aayos ng mga reklamo na natanggap ng ibang Dibisyon sa loob ng MSDE o Estado o ng mga taong may katungkulan sa gobyernong pederal sa kodisyon na ang reklamong ito ay tumutugon sa mga pangangailangan na binabanggit sa ibaba.

A. Maaaring gamitin ng nagrereklamo ang Porma para sa Reklamo sa Estado (State

Complaint Form), na maaari ring makuha mula sa MSDE website sa www.marylandpublicschools.org (pumunta sa pahina ng Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/Mga Serbisyo para sa Maagang Pamamagitan, at pagkatapos ay pumunta sa pahina ng Pagsisiyasat sa Reklamo at Sangay ng Angkop na Pamamaraan (Complaint Investigation and Due Process Branch), o tumawag sa amin sa 410-767-7770. Bagamat walang pangangailangan na gamitin ang pormang ito, kailangang maisama sa reklamo ang lahat ng impormasyong hinihingi sa porma, dahil matutugunan nito ang lahat ng mga pangangailangan na binanggit sa ibaba.

B. Kailangang iparating ang reklamo sa Assistant State Superintendent, Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/Mga Serbisyo para sa Maagang Pamamagitan, Kagawarang ng Edukasyon ng Estado ng Maryland, 200 West Baltimore Street, Baltimore, MD 21201.

C. Ganoon din, ang pagsasampa ng reklamo sa MSDE, isang kopya rin ang kailangang ipadala sa pampublikong ahensiya na may pananagutan sa programang edukasyon ng mag-aaral. Iminumungkahi na ang reklamo ay ipadala sa kaalaman ng Direktor ng Espesyal na Edukasyon o iba pang tangapangasiwa na may pananagutan sa programa.

D. Kailangang nakasulat ang reklamo at nilagdaan ng taong nagsasampa ng reklamo. Pagpapasyahan ng MSDE ang mga reklamo na natanggap mula sa fax kung ang reklamo ay may lagda at natugunan ang mga pangangailangan sa Seksiyon III, talata E hanggang J sa ibaba.

E. Ang reklamo ay kailangang magtaglay ng mga sumusunod:

1. Isang salaysay na ang isang pampublikong ahensiya ay lumabag sa mga patakaran ng IDEA,

2. Mga patotoo kung saan hango ang salaysay (ang nagrereklamo ay hinihimok na magbigay ng mga kopya ng anumang dokumento na nagpapatunay sa mga bintang);

3. Ang lagda at impormasyong maaaring tawagan para sa nagrereklamo;

4. Kung ang pinangangatawanang paglabag ay may kinalaman sa sa isang mag-aaral, kailangang isama ng nagrereklamo ang mga sumusunod:

    a. Pangalan at tirahan ng mag-aaral;

    b. Pangalan ng paaralan kung saan pumapasok ang mag-aaral;

    c. Sa kaso ng isang mag-aaral na walang tirahan, ang kasalukuyang impormasyon sa pakikipanayam para sa mag-aaral at ang pangalan ng paaralan na pinapasukan ng mag-aaral.

d. Paglalarawan sa uri ng problema ng mag-aaral, kasama dito ang mga patotoo na may kinalaman sa problema, at

e. Isang minumungkahing paglutas sa problema sa abot ng kaalaman at maibibigay sa panig sa oras ng pagsasampa ng reklamo.

F. Kailangang pangatawanan ng nagrereklamo na may paglabag na nangyari at ang pangyayaring ito ay naganap ng hindi humigit ng isang taon bago natanggap ng MSDE ang reklamo.

G. Ang salaysay na ang isang pampublikong ahensiya ay lumabag sa alituntunin ng IDEA ay maaaring may kaugnayan sa pagkilala, pagsusuri o paglalagay ng edukasyon sa mag-aaral, o ang pagbibigay ng walang bayad na angkop na pampublikong edukasyon (FAPE) sa mag-aaral, at iba pang mga pagbibintang na nilabag ng isang pampublikong ahensiya sa IDEA at kaugnay na alituntunin ng pederal o Estado. Kasama dito ang pagbibintang na ang pampublikong ahensiya ay hindi naipatupad ang pagkilos na kinakailangan bunga ng pagpapasiya sa pamamaraan na angkop sa pagdinig. Ang kasunduan sa pagpapasya, kasunduan sa pamamagitan, at nakamit na pagkakaunawaan bunga ng pulong sa pag-aayos ay maaaring ipatupad sa isang hukuman ng Estado na may kakayahang saklaw o sa distritong hukuman sa Estados Unidos, ngunit hindi malulutas ng MSDE sa pamamagitan ng pagsasagawa ng reklamo.

H. Kapag ang reklamo ay hindi makamit ang mga pangangailangang ibinabanggit sa Bahagi III, talata A hanggang J ng mga alituntuning ito, padadalhan ng sulat ng MSDE ang nagrereklamo na nagsasaad na ang reklamo ay nabatid na hindi sapat at kung anong karagdagang impormasyon ang kinakailangan upang ang reklamo ay makamit ang pangangailangang nasa mga alituntunin at pamamaraang ito.

I. Kapag ang reklamo ay naisampa sa ngalan ng indibidwal na mag-aaral at ang nagrereklamo ay hindi magulang ng mag-aaral, isang paghahayag na nilagdaan ng magulang ang kailangang ipadala ng nagrereklamo upang maibigay ng MSDE ang kapasyahan at pagpapalagay. Ang paghahayag ay kailangang nilagdaan ng magulang at nagsasaad ng pagsang-ayon nito ay ibinibigay sa MSDE upang ihayag ang impormasyon tungkol sa mag-aaral na nagrereklamo.

## IV. PAMAMARAAN SA PAGSUSURI NG REKLAMO

A. Sa pagkatanggap ng reklamo, ipapadala ng MSDE ang reklamo, sa pamamagitan ng fax, sa nahirang na tauhan ng pampublikong ahensiya.

B. Ang nagrereklamo at ang pampublikong ahensiya ay kailangang magbigay ng sulat na paunawa na ipinagbibigay-alam ang pagtanggap ng reklamo, pagkilala sa mga ibinibintang na bagay sa pagsisiyasat, nagpapahiwatig ng takdang panahon para sa paglutas, pagbibigay-alam sa magkabilang partido ng karapatang magbigay ng karagdagang impormasyon na may kaugnayan sa mga bintang, at

pagkilala kung sino sa tauhan ng MSDE ang naatasang magpapasya sa reklamo. Ang sulat na paunawa ay kailangang may kasama ding salaysay na kapag ang pampublikong ahensiya ay nag-alok ng kalutasan sa reklamo na iminungkahi sa sulat ng reklamo, ituturing ng MSDE na ang kaso ay naayos na. Hinihimok ng MSDE na ang mga partidos ay gumawa ng hakbang para maayos ang reklamo sa madaling panahon, sa pamamagitan ng pagsang-ayon sa mamagitan sa hindi pagkakaunawaan o sa paglutas sa hindi pagkakasunduan sa paraang hindi gaanong pormal na paraan.

C. Sa pagkatanggap sa unang sulat ng reklamo sa panahon ng may pasok sa paaralan, ang pampublikong ahensiya na sinampahan ng reklamo ay magbibigay ng kopya ng mga pananggalang na pamamaraan sa reklamo.

D. Ang pampublikong ahensiya na inirereklamo ay hinihimok na pag-aralan ang mga bintang kasama ng naaangkop na tauhan sa pamamalakad ng paaralan. Kapag ang pamamalakad ng paaralan ay tumugon sa mga bintang, kailangan nilang sagutin ang bawat paglabag, magbigay ng mga patotoo na tinitiyak ng pampublikong ahensiya, at kapag ang paglabag ay nalaman, magmungkahi ng pagwawastong kilos o ilarawan ang kilos na nagawa na upang mabigyang lunas ang anumang nawalang serbisyo sa isang mag-aaral. Kapag ang paglabag ay nakaapekto sa may katulad ding iba pang mag-aaral, ang pampublikong ahensiya ay magmumungkahi ng pagwawastong kilos upang mabigyan ng lunas ang anumang nawalang serbisyo sa mga mag-aaral na ito.

E. Ang MSDE ay magsasagawa ng malayang pag-bisita sa lugar na pinangyarihan kapag natiyak ng MSDE, na ang pagbisitang ito ay kinakailangan upang malutas ang reklamo.

F. Ang MSDE ay magbibigay ng sulat ng mga kapasyahan (Letter of Findings) sa nagrereklamo at sa pampublikong ahensiya, kasama na dito ang:

   1. Salaysay ng siniyasat na bintang;

   2. Pagpapasya sa patotoo at pagpapalagay sa bawat bintang na siniyasat, kasama na dito ang salaysay kung nagkaroon man o wala ng paglabag na nangyari sa batas ng Estado o pederal at/o mga alituntunin, at mga katwiran sa pagpapalagay.

   3. Kapag napatunayan ng MSDE na nagkaroon ng paglabag sa batas o alituntunin ng Estado o pederal, ang Sulat ng mga Kapasyahan (Letter of Findings) ay kailangang maglaman ng pagwawastong kilos na kailangang gawin ng pampublikong ahensiya:

      a. Kung paano remedyuhan ang ipinagkait na mga serbisyo, kasama na dito kung naaangkop, ang pagbibigay pabuya (monetary reimbursement) o iba pang pagwawastong kilos na naaangkop sa pangangailangan ng mag-aaral; at

      b. pagbibigay ng angkop na serbisyo sa hinaharap para sa lahat ng

mga mag-aaral na may kapansanan;

4. Takdang panahon upang matapos ang pagwawastong kilos;

5. Isang makakapanayam na tauhan ng MSDE para sa teknikal na tulong sa pagbuo ng pagwawastong kilos; at

6. Isang salaysay na ipinagbibigay-alam sa mga partidos na nagsasaad na mananalili silang may karapatan na humiling ng mamamagitan o magsampa ng reklamo na angkop sa pamamaraan upang maayos ang hindi pagkakasunduan sa isinampa na reklamo kung sila ay hindi sumasang-ayon sa kapasyahan ng MSDE.

G. Ang Sulat ng mga Kapasyahan ay itinuturing na huli na kung ito ay hindi ipinalabas sa loob ng animnapung (60) araw ng mula sa petsa ng pagsampa ng reklamo hanggang sa matanggap ito ng MSDE. Ang itinakdang panahon ay maaaring mabigyan ng palugit kung mayroong pambihirang pangyayari na may kinalaman sa reklamo o kapag ang nagrereklamo at ang pampublikong ahensiyang nasasangkot ay magkasundo na magkaroon ng palugit upang magkaroon ng mamamagitan o iba pang mapagpipiliang paraan sa paglutas ng alitan. Ipaparating sa nagrereklamo at pampublikong ahensiya ng MSDE, sa pamamaraan ng sulat, ang pangangailangan ng pagbigay ng palugit sa itinakdang panahon.

H. Kung alinman sa partido ang hindi sumasang-ayon sa napagpasyahan sa Sulat ng Kapasyahan, may karapatan ang panig na magbigay ng karagdagan na impormasyon na *maaaring hindi naisama o hindi nakuha sa panahon ng pagsisiyasat.* Ang impormasyong ito ay kailangang maibigay sa loob ng labinlimang (15) araw ng kalendaryo mula sa petsa ng Sulat ng mga Kapasyahan. Aalamin ng MSDE kung ang karagdagang impormasyon ay sapat na upang magsagawa ng pag-aaral sa kapasyahang narating bunga ng pagsisiyasat. Kapag nalaman na ang impormasyon ay sapat na, ipagbibigay-alam ng MSDE sa magkabilang partido sa pamamagitan ng sulat, ang kapasyahan nitong isaalang-alang ang kalutasang nakamit na, at kung ano pa mang pagwawasto sa pagkilos ang kinakailangan upang matigil ito habang hinihintay ang pagdating ng pinakahuling pagpapasya.

## V. MGA REKLAMO SA LABAS NG KAPANGYARIHAN NG MSDE

A. Kapag ang reklamo ay naglalaman ng bintang na diskriminasyon base sa lahi, pananampalataya, kasarian, edad, kulay, bansang pinanggalingan, may asawa o wala o pisikal o kapansanan sa pag-iisip o asal na tinutukoy ng mga regulasyon at batas maliban sa batas o regulasyon para sa espesyal na edukasyon, magbibigay-alam ang MSDE sa pamamagitan ng pagsulat sa magkabilang partido tungkol sa mga bintang na hindi sakop sa kapangyarihan ng MSDE na magsiyasat. Sa pagbibigay-alam na ito, ibibigay ng MSDE sa nagrereklamo ang pangalan at lugar ng angkop na ahensiya na may sakop sa mga tinutukoy na mga bintang, kung alam ito.

B. Ang MSDE ay hindi magsisiyasat sa mga bintang na narating na ang kasunduan sa pamamaraang pamamagitan o isang pulong ng kapasyahan na hindi pa naipasakatuparan. Alinman sa ganitong reklamo ay kailangang maisampa sa hukuman na may sakop na kakayahan na magpasya.

C. Kapag ang isang reklamo ay natanggap at ito ay nasa ilalim din ng angkop sa pamamaraan ng pagdinig o naglalaman ng marami pang mga bintang, kung saan ang isa o higit pa rito ay bahagi ng pagdinig, ang MSDE ay kailangang maitabi sa alinmang bahagi ng reklamo na natutugunan ng pagpagdinig ng angkop sa pamamaraan hanggang sa matapos ang pagdinig. Anumang bintang na nakasaad sa reklamo na hindi bahagi sa pamamaraang angkop sa pagding ay bibigyan ng kapasyahan sang-ayon sa patakaran ng MSDE sa pagdinig ng reklamo at kaugnay na takdang panahon. Ipagbibigay-alam ng MSDE sa magkabilang panig, sa pamamagitan ng pag-sulat, ang kapasyahan na itabi muna ang mga bintang kapag ang mga bintang na ito, kung mayroon man, ay maaayos sa pamamagitan ng pamamaraan sa reklamo.

D. Kung ang bintang na isinampang reklamo sa MSDE ay dati nang napagpasyahan sa isang pagdinig ng angkop sa pamamaraan na kasangkot ang parehong partido, ipagbibigay-alam ng MSDE sa nagrereklamo at sa pampublikong ahensiya na ang kapasyahan sa paglilitis ay umiiral pa rin sa magkabilang panig.

## VI. KAPASYAHAN SA REKLAMO

Sa pagkatanggap ng paunawa na ang reklamo ay nabigyan na ng kasiya-siyang kasagutan ng pampublikong ahensiya sa pamamaraang pamamagitan o iba pang pamamaraan sa paglutas ng alitan, o ito ay iniurong ng nagrereklamo, ituturing ng MSDE na nalutas na ang reklamo. Kabilang na dito kung ang pampublikong ahensiya ay nag-alok na magbibigay ng remedyong iminungkahi ng indibidwal o organisasyon sa isinulat na reklamo.

## VII. PAGPAPATUNAY SA MGA GAWAIN/PAGSUBAYBAY SA REKLAMO

Kapag nagpalabas ng Sulat ng mga Kapasyahan ang MSDE na kinikilala ang mga paglabag sa batas o patakaran ng pederal o Estado, hihingin ng MSDE sa pampublikong ahensiya na magbigay ng dokumento na magpapatunay sa pagtatapos ng pagwawastong pagkilos.

A. Ang magkabilang panig ang maaaring humingi ng tulong na teknikal, alinsunod sa Sulat ng mga Kapasyahan. Ang paghingi ng tulong na teknikal ay kailangang gawin sa tamang panahon upang hindi maantala ang pagtatapos ng pagwawastong pagkilos.

B. Ang mga pampublikong ahensiya ay maaaring makipag-ayos sa MSDE ng iba pang paraan upang maipatupad ang maayos at huling kapasyahan.

C. Rerepasuhin ng mga tauhan ng MSDE ang mga ginawang hakbang at aalamin kung ang mga ito ay nakapagbigay ng kaluguran sa pagkilos na kailangan.

1. Kapag ang mga hakbang na ginawa ay nakapagbigay ng sapat na katugunan sa pagwawastong pagkilos, ipagbibigay-alam ang MSDE, sa pamamagitan ng pagsulat, ang kapasyahan nito para sa mga partidos at tapusin ang reklamo.

2. Kapag ang mga pagkilos na ginawa ng pampublikong ahensiya ay hindi nakatugon ng maayos sa nakitang mga problema, makikipagtulungan ang MSDE sa pampublikong ahensiya upang malaman kung bakit ang ginawang pagkilos ay hindi nagawa ang kinakailangang resulta at alamin and karagdagang pamamaraan upang makamit ang inaasam na resulta.

3. Kapag ang pampublikong ahensiya ay hindi nagkapagpakita ng matapat na pagkilos upang matapos ang kilos ng pagwawasto, bibigyan ng MSDE ang pampublikong ahensiya ng isang sulat upang ipagbigay-alam ang mga tadhanang parusa na tinutukoy sa mga alituntuning ito.

## VIII. PAGPAPATUPAD

Kapag ang pampublikong ahensiya ay hindi nakatapos ng kilos ng pagwawasto sa petsang itinakda sa Sulat ng mga Kapasyahan o sa petsang ibinigay na palugit ayon sa Bahagi VII ng mga panuntunang ito, sisimulan ng MSDE ng pagkilos upang maipatupad ang isinasaad sa COMAR 15A.05.02.07.

## IX. PAGSISIKAP PARA SA PAG-UNAWA NG PUBLIKO

A. Kailangang siguruhin ng pampublikong ahensiya na ang kaparaanan sa reklamo ay naipaliwanag sa mga magulang, mga kakampi at tauhan ng paaralan, kasama na dito ang pagbibigay ng pananggalang na pamamaraan.

B. Ipapamahagi ng MSDE ang kaparaanan ng reklamo sa pamamagitan ng presentasyon sa mga kumakamping organisasyon, tauhan ng pampublikong ahensiya, at iba pa, kung hihingin. Ang MSDE ay nagsasagawa ng samahan ng mga organisasyon ng mga kumakampi at mga magulang, katulad ng Maryland Disability Law Center; Parents' Place of Maryland; Maryland Coalition for Inclusive Education; Community Mediation Maryland, at ARC/Maryland, upang masiguro ang kaalaman sa mga paunawang ito. Titiyakin din ng MSDE na ang mga paraang ito ay makikita rin sa MSDE website.

*Ang pondong ibinigay sa pamamagitan ng Kagawaran ng Edukasyon sa Estado ng Maryland, Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon, Mga Serbisyo para sa Maagang Pamamagitan (Maryland State Department of Education, Division of Special Education/Early Intervention Services) mula sa IDEA Parte B Pondo # HO27A070035A, Kagawaran ng Edukasyon sa Estados Unidos, Tanggapan ng Espesyal na Edukasyon at mga Serbisyong Pagbabagong Tatag (Office of Special Education and Rehabilitation Services). Ang mga pagpapahayag na ginawa dito ay hindi nangangahulugan na nagsasaad din ng mga pagpapahayag ng Kagawarang ng Edukasyon ng Estados Unidos o anumang ahensiyang Pederal at hindi dapat ituring na ganito. Ang Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/Mga Serbisyo para sa Maagang Pamamagitan ay tumatanggap ng pondo mula sa Tanggapan ng mga Programa sa Espesyal na Edukasyon, Tanggapan ng Espesyal na Edukasyon at Serbisyong Pagbabagong-Tatag, Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos. Ang impormasyong ito ay libreng kopyahin. Ang mga mambabasa ay hinihimok na ipalathala, kopyahin at ibahagi ito, subalit mangyaring ipaalam na ito ay galing sa Disbisyon ng Espesyal na Edukasyon/Mga Serbisyo para sa Maagang Pamamagitan.*

*Ang Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland (Maryland State Department of Education) ay hindi nagdidiskrimina batay sa lahi, kulay, kasarian, edad, bansang pinanggalingan, relihiyon, o kapansanan sa mga bagay na nakakaapekto sa pagtatrabaho o sa pagbibigay-daan sa mga programa. Para sa mga tanong na may kinalaman sa patakaran ng kagawaran, mangyaring makipag-ugnayan sa Sangay ng Pagtiyak ng Katarungan at Pagsunod (Equity Assurance and Compliance Branch, Boses (410) 767-0433 o Fax (410) 767-0431. Alinsunod sa Batas sa mga Amerikanong may mga Kapansanan (Americans with Disabilities Act (ADA), ang dokumentong ito ay makukuha sa mga panghalinghing anyo, kung hihilingin. Makipag-ugnayan sa Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/ Mga Serbisyo para sa Maagang Pamamagitan (Division of Special Education/Early Intervention Services), Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland sa boses (410) 767-0858,o fax (410) 333-1571.*